

39 Interpreter


Ang interpreter ay isang propesyon kinakailangan para maintindihan ang salita ng ibang bansa. Mahalaga ang trabahong ito dahil sila ang tumatayong tulay para igabay ang mga dayuhang turista, taga interprete sa mga business transaction at negotiation at kasama rin sa pagdalo sa mga business conference.

Para naman sa mga dayuhang naninirahan sa Japan, kinakailangan sila sa ibat ibang sitwasyon ng pamumuhay katulad ng hospital at paaralan.

Hindi lamang ang salita ng Japan at ng ibang bansa ang kailangan sa interpretasyon, kailangan din ang talino at abilidad at technique sa ganitong propesyon. Hindi man kailangan ng kuwalipikasyon sa ganitong propesyon, kailangan pa rin hindi lamang ang mataas na language proficiency, kundi pati na rin ang talas ng pakiramdam na mabasa ang nasasalob ng tagapagsalita at maisalaysay ng tama ang salita base sa kanyang matalas na obserbasyon.



Para maging isang interpreter



<Maagang preparasyon>

Para maging isang interpreter, kinakailangan na nakakaintindi ng mahigit 2 wika. At para maisalin ang salita sa Japanese (interpretation at translation), kinakailangan ang mataas na antas ng kaalaman sa salitang Japanese. Pagbutihin ang pag-aaral ng salitang Japanese at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

At kung nais mag-aral ng ibang wika at kultura, maaring pumasok sa university o vocational school at nirerekomenda rin ang pag-aaral sa ibang bansa. Paghandaan din ang ibang gagastusin sa paglalakbay.

<kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Pangkaraniwan na sa ganitong propesyon ang magpatala sa isang interpretation agency at kumuha ng alok mula dito.

Mayroon din mga freelance interpreter. Ang mga sitwasyon kung saan kinakailangan ang serbisyo ng interpreter: [interpreter sa meeting, business, sports at entertainment], may mga tour guide interpreter din na nagga-guide para sa mga dayuhang bumibisita sa bansa at sa ganitong interpretasyon ay kinakailangan ang kuwalipikasyon.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Sa mga national universities, aabutin mahigit 2,400,000 yen (4 na taon), sa private universities ay mahigit 4,000,000yen (4na taon), at Junior College 1,800,000 yen (2 taon).